**Pamagat**: Ang Diyos ay ilaw

**Texto**: 1 Jn. 1:5 "This then is the message which we have heard of him, and declare unto you, that God is light, and in him is no darkness at all.

*Pagsasalin*: At ito ang pasabing aming narinig sa kaniya at sa inyo'y aming ibinabalita, na ang Dios ay ilaw, at sa kaniya'y walang anomang kadiliman.

**Panimula**:

1. Ang mensahe na ipinahayag ng Diyos kay Juan ay hindi inimbento ni Juan. Ngunit, ito ay tunay na representasyon ng sarili (o ng Diyos).
2. Ang nangagaral ng Salita ng Diyos ay walang karapatan na palitan ang mensahe na kinasihan ng Diyos. Hindi likas sa nangangaral o nanggagalin ang awtoridad na mangaral sa kaniyang sarili. Siya ay sinugo lamang ng Diyos. (Dapat maging katulad tayo ng mga Taga-Berea sa Gawa 17:10-11).

**I. Ang Diyos ay Ilaw**:

1. Lahat ng "perfection" (perpekto) at kahusayan ay sumasang-ayon sa Kaniya.
2. Sa Kaniyang pagkabuhay ay ganap na pagiging simple.
3. Siya ay "Immutable" (Hindi Nagbabago) (Cf. James [Santiago] 1:17)
   a. Karunungan
   b. Katalinuhan (Psalmo 147:5)
   c. Kabanalan (Pahayag 4:8)
   d. Kabutihan (Exodus 3:14)
   e. Kahatulan
   f. Kabutihan
   g. Katotohanan
4. Lalo na sa kabanalan siya ay maliwanag at maluwalhati. – Ito ang mensahe natin!
5. Kailan itinuro ito ni Cristo? (Cf. Jn. 1:9; 8:12; 9:5; 12:35-36).
6. Siya ay Ilaw – hindi sinasabi na isa siyang ilaw, or ilaw-ilawan. Kundi, Siya, mismo, ay ilaw. Siya ang pinanggalingan ng lahat (pati ilaw).
7. Lahat po ng paglago ng mga halaman at ano mang buhay ay nakadepende sa ilaw/liwanag, ganito rin ang sa ispiritual.
8. Kaya ang Christiyano ay maaring lumago sa pananampalataya, ay dahil ang Diyos ay ilaw.

**II. Walang anomang Kadiliman ang sumasa Diyos**:

1. Ang pagkasalin sa Greek ay malakas na pananalansang: "No darkness at all" (walang ano mang kadiliman).
2. Walang kamangmangan, walang kamalian, walang kasinungalingan, walang kasalanan, ay walang kamatayan sa Kaniya.
3. Hindi lamang ito pinatunayan sa pamamagitan ng salita. Si Jesus ay nagkatawang tao! At nakita ng mga apostol at ng mga disipolo sa si Jesus nga ay ang kalulwalhatian ng kaniyang Ama. (Heb. 1:3 – express image = karakter = katulad ng mga ginagamit para sa engraving).
4. Ang kaniyang pagpapahayag ay napaka importante:
   a. Kasi kung siya ay tunay na dumating, mayroon tayong tagumpay at kapatawaran.
   b. Ibig sabihin, siya ay muling babalik balang araw.

**Katapusan**:

1. Kung sumusunod tayo sa Salita ng Diyos tayo ay nagpapagobyerno sa ilaw ng Diyos.
2. At yaong ayaw na sumunod sa ilaw ng Kaniyang Salita, ay nasa kadiliman at walang pakikisama sa Diyos.